

MGA MADALAS ITANONG *para sa mga kasambahay*

Q: Kasambahay ako para sa isang pamilya. Ano ang dapat kong matanggap pagdating sa sahod?

A: Sa Chicago, dapat kang mabayaran nang hindi bababa sa \$13.50, ang [minimum wage o pinakamababang pasahod](#) (mas mataas sa [minimum wage ng Estado](#)). Kung nagtatrabaho ka ng higit sa 40 oras sa isang linggo, may karapatan ka sa bayad sa overtime.

Q: Sobrang kinakabahan akong bumalik sa trabaho dahil sa COVID19. Paano ko maihahanda ang sarili ko?

A: Ginawa ng National Domestic Workers Alliance (Pambansang Alyansa ng Mga Kasambahay) ang [Coronavirus Resource Center \(Sentro ng Dulugan para sa Coronavirus\)](#) para matulungan kang maramdaman na may kakayahan ka at handa ka para bumalik sa trabaho. Inirerekomenda namin ang pagbisita sa site para makita ang kanilang mga mapagkukunan.

Q: Mayroon akong mahigit isang employer. Dapat ba akong makatanggap ng minimum wage?

A: Ang bawat employer/sambahayan na kumuha sa iyong serbisyo para linisin ang kanilang tahanan ay dapat na magbayad sa iyo ng minimum wage sa Chicago, pati na rin sa buong estado ng Illinois. Sa Chicago, dapat kang makatanggap ng \$13.50 kada oras, simula noong Hulyo 1, 2020.

Q: Nagtatrabaho ako para sa isang ahensya. Dapat ba akong mabayaran ng minimum wage?

A: Sa Chicago, kung ang ahensya ay mayroong hanggang sa 20 empleyado, dapat kang makatanggap ng \$13.50 kada oras simula Hulyo 1, 2020. Kung ang ahensya ay mayroong higit sa 21 empleyado, dapat kang makatanggap ng \$14.00 kada oras simula Hulyo 1, 2020. Kung nagtatrabaho ka ng higit sa 40 oras sa isang linggo para sa ahensya, may karapatan ka sa bayad sa overtime.

Kung sa tingin mo ay hindi ka binabayaran nang wasto ayon sa batas, Maghain ng Reklamo sa pamamagitan ng pagtawag sa 311, gamit ang [CHI 311](#), o sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang [Complaint Form \(Form ng Reklamo\) \(Español\)](#).

Q: Paano ko mapapanatiling ligtas ang aking sarili habang nililinis ang tahanan ng ibang tao sa panahon ng COVID19?

A: Hilingin sa iyong employer na magbigay sa iyo ng mga guwantes at mask. Ayon sa [Executive Order #32](#) ng Gobernador, dapat magbigay ang mga employer ng mga pantakip sa mukha. Gumamit ng mabuting paraan sa paghuhugas ng kamay habang nagtatrabaho at bago umalis sa trabaho. Iwasang magdala ng mga supply na panlinis mula sa isang bahay patungo sa isa pa para maiwasan ang pagkalat ng mga mikrobyo, at magpalit agad ng damit pagdating mo sa bahay mula sa trabaho. Tingnan dito ang listahan ng mga pandisimpekta na makakatulong para patayin ang virus: <https://www.epa.gov/pesticide-registration/list-n-disinfectants-use-against-sars-cov-2>

Q: Maaari ba akong gumamit ng bayad na pagliban para sa sakit?

A: Ayon sa ordinansa sa [Bayad na Pagliban para sa Sakit \(Paid Sick Leave\)](#) ng Chicago, makakakuha ang mga empleyado sa Chicago ng bayad na pagliban para sa sakit kung nagtatrabaho sila ng hindi bababa sa 80 oras sa loob ng 120 araw na yugto para sa isang employer. Kung mayroon kang higit sa isang employer/sambahayan, makakakuha ka lang ng bayad na pagliban para sa sakit mula sa isang employer kung nagtatrabaho ka ng 80 oras sa loob ng 120 araw para sa employer na iyon. Dapat kang makaipon ng

1 oras na bayad na pagliban para sa sakit para sa bawat 40 oras ng trabaho. Makakaipon ka ng hanggang sa 40 oras ng bayad na pagliban para sa sakit sa loob ng 12 buwan. Maaaring mailipat ang kalahati ng iyong mga naipong oras sa susunod na 12 buwan.

Q: Para sa anong mga dahilan ko maaaring magamit ang bayad na pagliban para sa sakit?

A: Magagamit ng mga empleyado ang Bayad na Pagliban para sa Sakit na naipon nila kapag sila o ang kanilang kapamilya ay may sakit, nagtamo ng pinsala, tumatanggap ng medikal na pangangalaga, o isang biktima ng karahasan o seksuwal na krimen. Maaari din nilang gamitin ang Bayad na Pagliban para sa Sakit kapag inatasang magsara ang kanilang lugar ng trabaho dahil sa isang emergency sa pampublikong kalusugan, o dapat nilang alagaan ang isang bata dahil inatasang magsara ang paaralan ng bata dahil sa isang emergency sa pampublikong kalusugan.

Q: Mayroon akong mga employer (mga sambahayan) sa labas ng Chicago. Makakakuha ba ako ng bayad na pagliban para sa sakit?

A: Makakakuha ang mga empleyado sa Chicago ng bayad na pagliban para sa sakit kung nagtrabaho sila ng hindi bababa sa 80 oras sa loob ng 120 araw na yugto para sa isang employer. Kung mayroon kang higit sa isang employer/sambahayan, makakaipon ka lang ng bayad na pagliban para sa sakit mula sa isang employer kung nagtrabaho ka ng 80 oras sa loob ng 120 araw para sa employer na iyon. Dagdag pa rito, hindi mabibilang ang oras na nagtrabaho sa labas ng Lungsod. Mayroon ding mga proteksyon sa bayad na pagliban para sa sakit ang ilang suburb o karatig-pook ng Chicago. Ang mga sumusunod na suburb ay may bayad na araw ng pagliban para sa sakit, na may parehong mga kinakailangan tulad ng ordinansa ng Chicago na ibinalangkas sa itaas: Barrington Hills, Berwyn, Cicero, Countryside, Deerfield, Dolton, Evanston, Glencoe, Glenview, Kenilworth, Lincolnwood, McCook, Northbrook, Oak Brook, Oak Park, Phoenix, Skokie, University Park, Western Springs, Wilmette, Winnetka. Kung gusto mong makatiyak, tumawag sa village hall ng suburb para magtanong tungkol sa bayad na pagliban para sa sakit.

Kung sa tingin mo ay hindi ka binibigyan ng wastong oras ng pagliban, Maghain ng Reklamo sa pamamagitan ng pagtawag sa 311, gamit ang [CHI 311](#), o sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang [Complaint Form \(Form ng Reklamo\) \(Español\)](#). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Bayad na Pagliban para sa Sakit sa Chicago, bisitahin ang [Office of Labor Standards \(Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa\)](#).

Q: Nagtatrabaho ako ng 7 araw sa isang linggo ngunit mainam sana kung makakapagpahinga ako. Maaari ba akong humiling ng araw ng pahinga?

A: Oo, kung nagtatrabaho ka ng higit sa 20 oras sa isang linggo para sa parehong employer, hindi ka mapipilit ng iyong boss na magtrabaho ng 7 magkakasunod na araw. May karapatan ka sa isang hindi bayad na araw ng pahinga. Maaari kang magtrabaho ng 7 araw kung nais mo. Dapat kang bayaran ng rate para sa overtime kung lalagpas sa 40 oras ang iyong kabuuang oras ng trabaho sa isang linggo dahil sa iyong ikapitong araw ng trabaho. Dapat kang bayaran ng rate para sa overtime kung lalagpas sa 40 oras ang iyong kabuuang oras ng trabaho sa isang linggo dahil sa iyong ikapitong araw ng trabaho.

Q: Nawalan ako ng trabaho dahil sa krisis ng COVID-19. Maaari ba akong mag-apply para sa kawalan ng trabaho?

A: Kung mayroon kang Social Security number na may bisa at kumita ka ng hindi bababa sa \$1,600 sa loob ng nakaraang 12 buwan at \$440 bago ang nakaraang 12 buwan, kwalipikado ka para sa kawalan ng trabaho. Maaari kang maghain ng claim [dito](#).

Q: Hindi ako pumirma ng kontrata o anumang papeles sa aking boss. May mga karapatan pa rin ba ako?

A: Oo, mayroon kang mga karapatang nakahayag sa Domestic Worker Bill of Rights (Katipunan ng Mga Karapatan ng Mga Kasambahay) ng Illinois pati na rin sa [minimum wage](#) at [bayad na pagliban para sa sakit](#) sa Lungsod ng Chicago, mayroon man o walang kontrata o papeles.

Q: Paano kung ang pasyenteng inaalagaan ko ay sinuri bilang positibo para sa COVID-19?

A: May mga [panuntunan at patnubay](#) ang CDC tungkol sa kung paano panatilihin ang iyong sarili at ang iyong pasyente. May karagdagang impormasyon sa ibaba para sa mga nagbibigay ng pangangalaga sa tahanan. Mahalagang gawin mo ang mga tungkuling nauugnay sa paglalarawan ng iyong trabaho, kakayahan, at pagsasanay. Kung wala kang pagsasanay sa pagbibigay ng pangangalaga, dapat mong kausapin ang iyong employer tungkol sa pagpapadala ng karagdagang tulong. Maaari mo ring hilingin sa iyong employer na magbigay ng mga mask sa mukha, sanitizer sa kamay, at supply na panlinis para makatulong na protektahan ang kalusugan mo at ng iyong pasyente.

Q: Isa akong caregiver na naninirahan sa parehong tahanan (live-in). Mayroon ba ako ng parehong mga karapatan?

A: Oo, mayroon kang karapatang makatanggap ng minimum wage, isang araw ng pahinga sa loob ng pitong araw, bayad para sa overtime, at karapatang magtrabaho sa isang lugar na walang pangha-harass at diskriminasyon. Gayunpaman, kung binibigyan ka ng iyong boss ng tirahan at/o pagkain, maaaring ibawas ng iyong boss ang halaga ng pabahay at/o pagkain mula sa iyong sahod kung ang iyong matitirang sahod ay mananatiling pareho o mas mataas sa minimum wage ng Lungsod ng Chicago.